# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 42 BILANG 8 | BASAHIN AT TALAKAYIN | AGOSTO 2022


EDITORYAL


# Lalong maghihirap ang bayan sa neoliberal na patakaran ng ilehitimong rehimeng Marcos II

Sampal sa mukha ng taumbayan ang paghahambog ni Ferdinand Marcos Jr. sa kanyang unang State of the Nation Address (SONA) na nasa "mahusay (*sound*)" na kalagayan ang bayan. Insulto ang inilalakong ilusyon ng anak ng diktador sa masang Pilipino dahil araw-araw, hinaharap nila ang kagutuman, kasalatan at kawalang katiyakan ng kinabukasan. Naiipon ang galit ng sambayanan sa mga Marcos at napipintong bumulwak ito sa lalong paglubha ng kanilang kalagayan.

Hindi na kaya ng mamamayan ang abot-langit na presyo ng mga bilihin. Halos pumalo sa P100 kada litro ang gasolina at krudo. Hindi bumababa ang presyo ng bigas, karne, gulay mula sa antas na itinaas nito noong panahon ng pandemya. Nagmahal din ang mga sangkap tulad ng harina, asukal at asin, dahilan para magsara o magbawas ng empleyado ang maliliit na negosyo. Higit na doble ang presyo ng mga input sa pagsasaka tulad ng pataba't pestisidyo kaya't maraming magsasaka ang nalugi at napilitang tumigil sa pagtatanim.

Kapos na kapos ang sahod ng mga manggagawa at kita ng mga magsasaka para sumabay sa pagmahal ng mga bilihin. Dito sa rehiyong TK mapalad na kung aabot ng P500 ang iuuwing *minimum wage* habang sa mga trabaho sa agrikultura, naglalaro ang barat na sahod sa P250 - P400 kada araw. Halos wala namang kinikita ang mga magsasaka dahil bagsak-presyo ang mga produktong bukid tulad ng palay, kopra at saging.

Walang silbi ang rehimeng Marcos II para ibsan ang paghihikahos ng bayan. Wala na nga itong ginagawa para pigilan ang pagsirit ng presyo ng mga bilihin, matigas pa itong pumosisyon na hindi tatanggalin ang *excise tax* sa langis sa katwirang mawawalan ng kita ang gubyerno. Wala rin itong ginagawa para magkaroon ng disenteng pasahod at katiyakan sa trabaho ang mga manggagawa. Masahol pa, binawasan nito ng 1.3 milyon ang mga benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) sa panahong lubhang kailangan ng mamamayan ng ayuda.



# KALATAS

Agosto 2022
TOMO 42 BILANG 8


NILALAMAN


1 Lalong maghihirap ang bayan sa neoliberal na patakaran ng ilehitimong rehimeng Marcos II

3 Vertudez Macapanpan, aktibistang makakalikasan, nakalaya na

4 ROTC, instrumento ng pasistang indoktrinasyon sa kabataan

6 Tugon ni PdG: Paano ginagamit ng estado ang social media para magpalaganap ng pekeng balita at disimpormasyon?

8 Pista ng Tulaog 2022 para sa pagtatanggol ng lupaing ninuno

9 Ang malalim na sugat na iniwan ng Martial Law sa TK

10 Pagsasanay militar ng US at Pilipinas sa Palawan, kinundena

11 2 magsasaka sa Batangas, dinukot

11 Kultura: Mamamayan ng Giho, 'di pagugupo



*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

balikwastk.wordpress.com


Ang mga hakbanging ipinagyayabang ng rehimeng Marcos II gaya ng pangakong P20 kada kilong bigas ay panggagantso at malayo sa realidad.

Asahan nang lulubha ang kahirapang dinaranas ng bayan habang nasa poder ang pamilya Marcos dahil tulad ng mga sinundang rehimen, tagasunod ng neoliberalismo si Marcos Jr. Ipagpapatuloy at pasisidhiin niya ang neoliberal na patakaran sa bansa kung saan ipinatutupad ang pribatisasyon, liberalisasyon, deregulasyon at denasyunalisasyon ng mga susing sektor ng ekonomya.

Mula nang ipinatupad ng mga papet na reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas ang neoliberalismo, pinagpasasaan na ng mga burgesya kumprador at burukrata ang industriya ng enerhiya, yutilidad at komunikasyon. Ginawang negosyo ang dapat ay batayang serbisyong sosyal tulad ng edukasyon, kalusugan at pabahay. Itinayo at dumami ang mga engklabong industriyal na mala-impyerno sa pang-aabuso sa mga manggagawa. Sa agrikultura, nananalasa ang liberalisasyon kung saan binabaha ng mga produktong agrikultural mula sa ibang bansa ang merkado sa kapinsalaan ng lokal na prodyuser. Samantala, malayang dinadambong ng mga dayuhang kapitalista at lokal na naghaharing uri ang likas na yaman ng bansa, dahilan upang mawalan ng lupa at lalong maghirap ang mga magsasaka't katutubong mamamayan.

Sa halos 100 araw sa estado-poder ni Marcos Jr., buo ang pasya nitong ipagpatuloy ang agresibong liberalisasyon at deregulasyon ni Duterte sa agrikultura na inihudyat ng Rice Liberalization Law. Ngayo'y pinalulutang ang kakapusan umano sa asukal, asin, at sa pinakahuli, ng mga isdang pang-delata para iarangkada ang dagdag na importasyon ng mga ito.

Todong nagpapaubaya si Marcos Jr. sa pribadong sektor at mga dayuhang mamumuhunan, sang-ayon sa interes ng kanyang pamilya na kumubra ng limpak-limpak na kikbak mula sa mga kontrata ng gubyerno. Pararamihin ng bagong upong rehimen ang mga Public-Private Partnerships (PPP) o pagsososyo ng gubyerno at pribadong sektor para tustusan ang mga proyekto ng estado sa imprastraktura. Pag-uulit lang ito ng magarbo subalit walang kwentang Build, Build, Build ni Duterte na nagsilbing gatasang baka ng mga kurakot na opisyal ng gubyerno. Niluluto na ang mga proyektong riles, kalsada at mga tulay sa iba't ibang panig ng bansa, ngunit pinakamarami at pinakamalaki ang laan sa mga balwarte ng mga Marcos at Duterte. PPP rin ang solusyon ni Marcos Jr. para sa ambisyong pagtatayo ng mapanganib na plantang nukleyar na katulad ng batbat sa korapsyong Bataan Nuclear Power Plant ng ama nitong diktador na mariing nilabanan ng mamamayan.

Sa dami ng pakanang proyekto, magdadagdag ang bagong rehimen ng utang at tataasan ang sinisingil na buwis sa masang Pilipino. Noong Hulyo, umutang na ang rehimen ng dagdag na P200 bilyon mula sa mga lokal na bangko. Pipigain din ang naghihirap na sambayanan sa pagdadagdag ng buwis sa *noodles*, sardinas at mga pagkaing may asukal. Papatawan din ng buwis ang mga transaksyon sa *internet* na tiyak na iindahin ng maliliit na negosyante at mga konsyumer.

Sa kabilang banda, nangangayupapa si Marcos Jr. sa imperyalismo at nanlilimos ng suporta para sa kanyang rehimen. Inaakit nito ang malalaki at dayuhang negosyo sa pangangako ng insentiba, paglibre sa buwis at iba pang konsesyon na ininstitusyonalisa sa pamamagitan ng CREATE at iba pang neoliberal na batas. Ilang pulong na ang inilunsad sa pagitan ng rehimeng Marcos II at mga negosyong Amerikano partikular ang mga nasa sektor ng pinansya at sa mga opisyal ng gubyerno ng US. Iseselyo ng pinapakanang *charter change* ng mga tuta ni Marcos Jr. sa Senado at Kamara ang pagbubuyangyang ng Pilipinas sa dayuhang pagsasamantala.

Samantala, pinapayagan ang pandarambong ng China sa patrimonyang yaman ng Pilipinas sa West Philippine Sea (WPS) sa tabing ng "*joint exploration agreement*." Tiyak na kapalit nito ang pautang at puhunan mula sa China na pagmumulan ng panibagong nanakawing yaman ng mga Marcos.

Kung anu-anong bansag at sinalamangkang datos ang gamit ng rehimeng Marcos II upang bigyang katwiran ang plano nito sa ekonomya, pero hindi kayang pagtakpan ang pagiging anti-mamamayan nito sa kaibuturan. Imbes na tugunan ang mga batayang demokratikong kahilingan ng mamamayan, bibigyang-daan ng neoliberal na adyenda ni Marcos Jr. ang mas malalang pambubusabos sa masang Pilipino at lalong ilulubog ang bansa sa utang. Higit na lalaki ang agwat ng mayayaman at mahihirap at titindi ang panlipunang ligalig—kabaliktaran ng sinasabi ni Marcos Jr. na nasa "mahusay" na estado ang bansa.

Ang malalang krisis sa ekonomya at lipunan ay paborableng kalagayan para sa pampulitikang pagmumulat at pagpapakilos sa bayan. Dapat ilantad sa mamamayan ang ugat ng kanilang kaapihan at kahirapan—ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo—at ang naging papel ng naghaharing pamilyang Marcos sa pagpapanatili ng mapagsamantalang sistema sa lipunang Pilipino. Bukod sa paglimas sa kaban ng bayan, ipinuwesto ng diktador na Marcos Sr. ang mga kakampi at kroning oligarko na hanggang ngayon ay namamayagpag sa bansa. Tinanggal din niya ang $250 milyon kada taon na limitasyon sa pangungutang ng gubyerno. Nagpakana pa ito ng pekeng modernisasyon sa agrikulturang Green Revolution na nagbaon sa mga magsasaka sa utang at nagbigay-daan sa pagbaha ng dayuhang kapital sa sektor. Lumobo ang disempleyo at pinasadsad ang sahod. Ang mga kundisyong ito ay ipinagpatuloy at pinalala ng mga sumunod na reaksyunaryong rehimen sa dikta ng imperyalismo.

Hamon sa mga rebolusyonaryong pwersa na sagpangin ang panahong ito para palakasin at palawakin ang pambansa demokratikong kilusan. Kailangang ipagtanggol ang karapatan sa lupa, sahod at trabaho at tutulan ang neoliberalismo. Buuin ang lakas ng mga batayang pwersa ng mga manggagawa't magsasaka para isulong ang pambansa't demokratikong adhikain ng bayan. Sa kanayunan, patuloy na pukawin, organisahin at pakilusin ang masang magsasaka para isulong ang pagpapababa ng upa-sa-lupa, pagpapataas sa presyo ng produktong bukid at sahod ng mga manggagawang bukid, pagpawi sa usura, pagtanggal sa madayang operasyon ng mga komersyante at iba't ibang anyo ng kooperasyon at pagkakakitaan para iangat ang kabuhayan ng mga nasa kanayunan. Paramihin at patibayin ang unyon ng mga manggagawa na magiging sandigan ng pakikibaka para sa tamang pasahod, regularisasyon, proteksyon sa pook-trabaho at pagtatamasa ng mga karapatan sa paggawa. Dapat pukawin ang isang masigla, malawak at militanteng kilusang masa na magbabandera sa mga panawagan ng bayan.

Ang kronikong krisis at di matapos-tapos na kaapihan sa lipunang Pilipino ay ganap lamang na malulutas sa pamamagitan ng radikal na solusyon—ang pambansa demokratikong rebolusyon sa pamumuno ng PKP-BHB-NDFP. Sa tagumpay nito, ipatutupad ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon sa pambansang saklaw bilang salalayan ng kaunlarang pang-ekonomiko at panlipunan. Itatatag ang isang ekonomyang umaasa-sa-sarili at malaya sa dayuhang monopolyo kapitalismo at pyudalismo. Itatayo ang Demokratikong Gubyernong Bayan na magtitiyak na makakamit ng bawat Pilipino ang kanyang batayang pangangailangan at kagalingan. Daigdig ang pagitan ng lipunang lilikhain sa ilalim ng DGB at sa kasalukuyang malakolonyal at malapyudal na sistemang kinakatawan ng mga Marcos.

Kailangang magpunyagi sa pagrerebolusyon upang makamit ang mithing masagana, makatarungan at tunay na malaya't demokratikong lipunan. Lagutin ang tanikala ng kahirapan hanggang mailuwal ang maaliwalas na bukas para sa buong bayan! K

*BALITA*

## Vertudez Macapanpan, aktibistang makakalikasan, nakalaya na

Nakalaya na si Vertudez Macapanpan, 69, aktibistang makakalikasan noong Agosto 10 matapos dakpin sa gawa-gawang kasong rebelyon. Ipiniit siya sa General Nakar, Quezon.


Ayon sa Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)-Laguna, "Ang paglaya ni Macapanpan, bukod sa simula ng mahabang laban para sa hustisya, ay patunay na hindi kayang patahimikin ng paninindak ang mga tagapatanggol ng ating karapatan!"

Dinakip si Macapanpan noong Hunyo 11 sa Brgy. Burgos, Pakil, Laguna sa gitna ng mainit na usapin kaugnay sa pagtatayo ng mapanirang proyektong Ahunan Hydropower Plant ng komprador na si Enrique Razon sa Pakil. Tinututulan ng mamamayan ng Pakil ang pagtatayo ng dam dahil sa mapaminsalang epektong idudulot nito sa mga barangay at kapaligiran. Aabot sa 300 ektaryang lupa ang sasaklawin at dadambungin upang maitayo ang naturang dam. Tinatayang 12,000 residente sa pitong barangay ng Pakil ang mapapalayas.

Nanawagan ang BAYAN-Laguna na ipagpatuloy ang laban para tutulan at pigilan ang pagtatayo ng Ahunan Hydropower Plant sa Pakil. K

# ROTC, instrumento ng pasistang indoktrinasyon sa kabataan

Pinapakana ng ilehitimong rehimeng Marcos II na ibalik ang *mandatory* Reserve-Officers' Training Corps (ROTC) sa pangunguna ng bise presidente at kalihim ng Department of Education (DepEd) na si Sara Duterte-Carpio. Iniraratsada na ito ng *rubberstamp* na Kongreso habang pinapakulo ng estado ang samu't saring sarbey para palabasing pabor ang karamihan ng mamamayan dito.




Sa isinusulong na panukalang batas ng *mandatory* ROTC sa Senado, nais obligahin ang lahat ng mga kabataan sa *senior high school* (Grade 11 at 12) at nasa edad na 18 na pumailalim sa ROTC para maging reserbang pwersa ng AFP. Upang matiyak ang *enrolment* ng mga kabataan, gagawin itong rekisito bago pumasok sa kolehiyo. Kasunod nito ang pagpapanukala sa Kamara na obligahin ang lahat ng mga kalalakihang Pilipino mula edad 21-50 na magserbisyo sa militar at maging reserbang kawal ng AFP.

Hungkag na ipinapakete ng reaksyunaryong gubyerno na ang ROTC ay magpapatimo sa mga estudyante ng "diwa ng pagkamakabayan" at pagkakawanggawa sa bansa. Subalit ang tunay na motibo ng ROTC ay ipailalim ang mga kabataan sa militarista't pasistang indoktrinasyon at gawin silang bulag at bingi sa tunay na kalagayan ng lipunan. Imbing pakana ito ng estado para ilaban ang mga kabataan sa nakikibakang mamamayan.

**Kasaysayan ng ROTC sa Pilipinas**

Nabuo ang pinakaunang yunit ng ROTC sa pagkakatatag ng Department of Military Science and Tactics (DMST) sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) noong Hulyo 3, 1922. Subalit taong 1912 pa lamang, nagtuturo na ng Military Science sa UP ang isang opisyal ng United States Army na sumusubaybay sa Philippine Constabulary. Dekada 1920 nagkaroon na rin ng mga yunit ng ROTC sa mga pribadong kolehiyo kagaya ng National University, Ateneo de Manila University, Liceo de Manila at Colegio de San Juan de Letran. Pagsapit ng 1935, itinalaga sa Office of the Superintendent for ROTC sa ilalim ng Philippine Army ang pamamahala sa lahat ng mga yunit ng ROTC sa bansa.

Unang naging *mandatory* o sapilitan ang ROTC sa lahat ng kolehiyo at unibersidad noong iniatas ni Manuel L. Quezon ang Executive Order (EO) No. 207 (Commonwealth Act No.1) noong 1939 sang-ayon sa National Defense Act of 1935. Nakabalangkas ito sa pandaigdigang plano ng imperyalismong US sa pagtitiyak ng hegemonya at kontrol sa mga saklaw nitong kolonya. Nagbabadya ang isang pandaigdigang gera kung kaya't ibinatay ang naturang batas sa planong pandepensa na ginawa ni General Douglas MacArthur para sa gubyernong Komonwelt. Nakasaad dito na dapat hindi bababa sa 100 estudyante ang pumasok sa ROTC kada eskwelahan para matugunan ang 400,000 kinakailangang reserbang hukbo at magkaroon ng sapat na panahon para makapagsanay ng mga opisyal nito bago pumutok ang digmaan. Pagsapit ng World War II, isinabak ang mga yunit ng ROTC at ginawang pambala sa kanyon sa gera laban sa Hapon. Sa Visayas, 45% ng tropa ng 75th Infantry Regiment of the United States Army Forces in the Far East (USAFFE) ay mula sa mga kadete ng ROTC sa Siliman University. Sa Luzon, karamihan ng mga yunit ng ROTC ay isinabak sa Battle of Bataan (1941). Kasama ang mga kadete sa Bataan Death March na itinuring na isa sa pinakamalupit na atrosidad sa modernong kasaysayan.

Matapos ang WWII, binuhay ng papet na republika ang ROTC noong

Setyembre 13, 1946 at ipinailalim sa AFP. Naging *mandatory* itong muli sa ilalim ng rehimeng US-Marcos I sa pamamagitan ng EO No. 59 noong Pebrero 8, 1967. Sa ipinasang batas, hindi bababa sa 250 estudyante ng bawat kolehiyo at unibersidad ang dapat pumasok sa ROTC. Kalaunan, gagamitin ni Marcos I ang ROTC sa Martial Law at pinagtibay pa ito sa pagdedeklara ng Presidential Decree No. 1706 o National Service Law noong Agosto 8, 1980 na nag-obliga sa mga estudyante na magserbisyo sa militar at pulis.

Ipinagpatuloy ang *mandatory* ROTC kahit naibagsak na ang pasistang diktadurang US-Marcos I, sa pamamagitan ng Republic Act 7077 "Citizen Armed Forces of the Philippines Reservist Act" na ipinasa ni Corazon Aquino noong Hunyo 27, 1991. Ngayon, ang ROTC ay hindi na *mandatory* kundi naging isa sa mga opsyon ng National Service Training Program (NSTP) sa ilalim ng Republic Act 9163 o "NSTP Act of 2001" ng gubyernong Arroyo.

Nananatiling hawak ng Department of National Defense ang ROTC sa pamamagitan ng mga DMST sa mga pamantasan. Mga aktibong opisyal ng AFP ang nagsasanay sa mga kadete at awtomatikong ipinapaloob ang mga ito sa Philippine Army Reserve Command, Philippine Navy Reserve Command o Philippine Air Force Reserve Command.

**Paglaban sa ROTC**

Napilitang ipasa ng gubyernong Arroyo ang NSTP Act of 2001 bunga ng malakas na panawagan ng bayan na buwagin ang *mandatory* ROTC. Kinamuhian ng mamamayan ang *mandatory* ROTC matapos ang pagpatay ng mga militar kay Mark Welson Chua na nagsiwalat sa korapsyon ng mga komandante at iba pang opisyal ng ROTC sa Unibersidad ng Sto. Tomas.

Malaon nang nakikibaka ang mamamayang Pilipino sa *mandatory* ROTC. Noong Hunyo-Hulyo 1972, kumilos ang mga estudyante at kadete ng ROTC sa UPLB para tutulan ang pagpapalit ng kanilang sumbrero at mataas na singil sa uniporme. Binoykot ng mga kadete ang kanilang treyning kada sabado hanggang sa maglunsad sila ng demonstrasyon sa harap ng DMST. Sinuportahan sila ng iba pang mga estudyante at nabigo ang planong pagpapalit ng sumbrero ng ROTC.

Pinatunayan ng kasaysayan na hindi para sa mamamayan ang *mandatory* ROTC kundi ginagamit ito bilang sandata para supilin ang kapwa nakikibakang Pilipino. Noong 1982, nilabanan ng mga kabataang estudyante sa UPLB ang *campus repression* kung saan nakakapanghimasok ang militar sa mga pamantasan sa pamamagitan ng DMST at ROTC. Nagkubli ang AFP sa hanay ng mga estudyante sa binuong organisasyong Vanguards na ang kasapian ay mula sa mga kadete ng ROTC at nagtataglay ng pasistang oryentasyon. Tinutulan ng mga estudyante ang marahas na treyning at pamamarusa ng DMST at Vanguards sa mga kadete.

Hanggang sa kasalukuyan, patuloy na nakikibaka ang mga kabataang estudyante laban sa militarisasyon sa mga pamantasan. Kinukundena ng mga kabataan ang paggamit ng AFP sa ROTC upang makapagrekluta ng mga ahenteng estudyante ang militar para tiktikan ang mga aktibidad ng masang estudyante sa mga paaralan. Ipinapanawagan nilang palayasin ang mga militar at ipagtanggol ang karapatan sa malayang kaisipan, pagpapahayag at kalayaang akademiko. Nararapat na patuloy na tutulan ng mga kabataan ang *mandatory* ROTC. Itakwil ang pasistang indoktrinasyon ng AFP sa kanilang hanay.

Marapat ilaan ng mga kabataan ang kanilang lakas at talino sa paglilingkod sa bayan. Ang tunay na diwang makabayan ay malaon nang nananalaytay sa mga kabataang nakikiisa sa pakikibaka ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang inaaping uri at sektor sa lipunan. Kaisa ng mga kabataan ang buong bayan sa pagtatanggol ng pambansang soberanya laban sa imperyalismong US at China. Ang pinakadakila sa hanay ng mga kabataan ay tumatahak sa pambansa-demokratikong rebolusyon. Sumasapi sila sa Bagong Hukbong Bayan upang walang pag-iimbot na ilaan ang buhay nila sa pagpapalaya ng bayan laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. K



**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

# Paano ginagamit ng estado ang *social media* para magpalaganap ng pekeng balita at disimpormasyon?

Tinaguriang *social media capital* ang Pilipinas kung saan 80 milyong Pilipino ang gumagamit nito sa karaniwang apat na oras kada araw. Ang malaking bilang na ito ng mamamayan sa *social media* ang target ng estado para sa sistematiko nitong pagpapalaganap ng mga pekeng balita at disimpormasyon. Sinasamantala at minamaksimisa ng mga naghaharing uri ang bentahe ng *social media* bilang pinakamabilis, pinakamalawak at matipid na daluyan at pagpapakalat ng impormasyong magtataguyod sa kanilang interes.

Ang mga pekeng balita at disimpormasyon ay lason sa kaisipan at isang penomenon sa mundo ng *internet* na nagpapalaganap ng mga baluktot at itim na propaganda, naglalabusaw sa katotohanan at naninira ng buhay. Ilang halimbawa ng disimpormasyon ay ang mga dinoktor na mga sarbey ng mga bayarang institusyon, mga balita at isyung naglilihis sa mga mahahalagang isyung pambansa at pandaigdig hanggang sa tahasang paninira at pagsalaula sa nakikibakang mamamayan. Dahil dito, nagiging makapangyarihang sandata ito ng estado at naghaharing uri para linlangin at kontrolin ang mamamayan at supilin ang demokrasya. Nasaksihan natin ito noong eleksyong 2016 kung saan naging pangunahing salik ang *social media* sa pagkakaluklok kay Rodrigo Duterte bilang presidente ng bansa. Sa US, malaki rin ang papel ng *social media* para manalo si Donald Trump. Ganito naging makapangyarihang sandata ang *internet* at *social media* para kontrolin at likhain ang opinyong publikong pumapabor sa naghaharing sistema at sa kabilang banda ay salaulain ang mga katunggaling ideya at pwersa ng nakikibakang mamamayan sa iba't ibang panig ng daigdig.

Inilatag ng rehimeng Duterte ang makinarya ng estado para sa kampanyang disimpormasyon sa *social media*. Naglaan ng badyet ang gubyernong Duterte para rito at doon nakatudla ang mga inilalabas na itim na propaganda laban sa mga kritiko ng gubyerno habang sa kabilang banda naman ay ang paglilinis ng dumi ng rehimen




sa pamamagitan ng Presidential Communications and Operations Office (PCOO).

Sa isang pag-aaral na isinagawa ng University of Massachusetts na Architects of Networked Disinformation: Behind the Scenes of Troll Accounts and Fake News Production in the Philippines, inihanay kung paanong sinistematisa ang pagpapalaganap ng mga pekeng balita at disimpormasyon sa Pilipinas. Nagsisimula ito sa mga itinuturing na arkitekto ng pagpapakalat ng disimpormasyon at mga kasinungalingan, sa mga eksperto sa larangan ng *advertising* at *public relations*, karamiha'y dating mga mamamahayag, na nagpakahusay sa sining ng "pagbebenta", at libu-libong mga *bloggers* at *vloggers* na mahuhusay sa pagpapalaganap ng mga impormasyon kapalit ng kabayaran sa kanilang serbisyo. Katumbas ng kabayarang ito, binubuhusan nila ng kanilang galing at talino ang pagpaplano sa sistematikong pagpapabango sa kanilang mga kliyente. Sila ang nagbubuo ng kanya-kanyang grupo na tinatawag na *digital influencer* o mga kilalang personalidad sa *social media* at mga *troll* o opereytor ng mga pekeng *account*. Pangunahing papel ng mga *influencer* ang paggawa ng mga malikhaing *content* sa anyo ng *video posts* at iba pa hinggil sa kanilang sinusuportahang kandidato o di kaya'y mga paninira sa kalaban nito. Ito naman ang ipalalaganap ng kanilang bayarang *troll army* sa iba't ibang paraan—pag*repost* o *share* sa kanilang mga sariling *accounts* o di kaya ay pagkokomentaryo/

*react* para mapag-usapan at maging "*viral*" ang mga *content* na ito. Kasama rin sa kanilang trabaho ang pagdumog ng mga komento/ reaksyon sa mga *content* na kontra sa kanilang kliyente. Karaniwang tugon ng mga *troll* ay bastos, bulgar at iresponsableng komentaryo na minsa'y humahantong sa pagbabanta sa buhay ng lehitimong *netizen*.

Ginamit ni Duterte ang kalakarang ito para patatagin ang kanyang anim na taong tiranya. Naging pabrika ng pekeng balita at disimpormasyon ang mga makinarya sa midya at propaganda ng estado sa ilalim ni Duterte sa pangunguna nina Harry Roque, Salvador Panelo, Mocha Uson, Lorraine Badoy, Die-hard Duterte Supporters, at iba pang panatikong grupo. Sila ang pasimuno ng mga *content* na pabor kay Duterte at nang-aaway at naninira sa mga kritiko nito. Sa balangkas ng itinayong NTF-ELCAC, inimpleyo ni Duterte ang bayaran at walang gulugod na tagapagsalita nitong sina Antonio Parlade, Lorraine Badoy at iba pa para mag-imbento ng mga kwento, tao at ilusyong nagtatagumpay ang kanilang kampanyang kontra-rebolusyonaryo. Ang mga bayarang *troll* naman ni Duterte ang nagre-*react*, *comment*, *share*, *repost* at nagbabago sa pakete ng mga itim na propaganda ng estado para gawing *viral* at mas madaling ipatanggap sa masa. Binubuhusan ng napakalaking pondo ng estado ang mga *troll* na ito para bombahin ng kasinungalingan ang iba't ibang platform sa *social media*. Katunayan, noong 2020 ay ipinasara ng Facebook ang 57 Facebook *accounts*, 31 *pages* at 20 *instagram accounts* na may kaugnayan sa AFP at PNP. Ginagamit ng militar ang mga pekeng identidad at pekeng tagasunod (*followers*) sa pagpapakalat ng mga pekeng balita. Nagbabayad sila ng P53,421 ($1,100) sa kada Facebook *ad* para magpalaganap ng disimpormasyon.

Pangunahing target ng disimpormasyon ng reaksyunaryong gubyerno ang rebolusyonaryong kilusan. Lahat ng yunit ng AFP-PNP ay tinakdaan ng quota hindi lamang sa dami ng mapapatay at/o mapapasukong "komunista" kundi sa dami ng mailalabas nilang mga pekeng balita at disimpormasyon laban sa rebolusyonaryong kilusan, laluna sa mga yunit ng BHB. Lahat ng ito'y para bansagang terorista ang mga komunista at sinumang kritiko ng rehimen habang ginagawang lehitimo ang brutal at madugo nilang gera kontra-mamamayan. Ginagamit din sa mga operasyong saywar ang mga pekeng balita kung saan nililigalig ang mga komunidad sa paglalabas ng mga pekeng balitang diumano'y sumuko na o namatay ang kanilang mga kababaryo o kaanak na pinaparatangang mga kasapi ng BHB.

Kaakibat ng kampanyang disimpormasyong ito ng estado ang pagpapatahimik sa mga komersyal at alternatibong midya na naglalantad ng kabulukan ng estado. Ginamit ang Department of Information and Communications Technology (DICT) at Department of Science and Technology (DOST) para maglunsad ng *cyberattacks* sa mga *website* ng alternatibong midya, progresibong organisasyon, makabayang institusyon at mga kritiko. Tinangkang ipasara ni Duterte ang ilang korporasyon sa masmidya tulad ng Rappler, habang nagtagumpay itong ipatigil ang operasyon ng pinakamalaking *television network* sa bansa na pag-aari ng mga Lopez, ang ABS-CBN. Ibinigay naman ng gubyernong Duterte sa pamamagitan ng NTC ang *frequency* na ginagamit ni ABS-CBN sa kaibigan nitong kapwa kriminal na si Pastor Apollo Quiboloy para sa kanyang Sonshine Media Network Inc (SMNI). Sa kasalukuyan, ang SMNI ay nagsisilbing ekstensyon ng People's Television (PTV) sa pagpapalaganap ng mga pekeng balita at disimpormasyon ng estado. Katunayan, ilang beses nang inisponsor ng SMNI ang maitim na propaganda ng rehimeng Duterte at kasalukuyang rehimeng Marcos II.

Pinakikinabangan ng pamilya Marcos ang inihanda ni Duterte na makinarya sa disimpormasyon. Umayon ito sa imbing plano ng mga Marcos na makabalik sa kapangyarihan matapos mapatalsik ng taumbayan ang diktadurang US-Marcos I noong 1986. Gamit ang nakaw-na-yaman, tiniyak ng mga Marcos ang sistematikong kampanyang disimpormasyon at pagrebisa sa kasaysayan ng kanilang pamilya na dekadang hinayaang mamayagpag ng mga sumunod na reaksyunaryong rehimen. Sinagpang nila ang paglaganap ng *internet* para i-*brainwash* ang mas marami at mas malawak na mamamayan at linisin ang kanilang pangalan hanggang sa rumurok sa paglahok ni Ferdinand Marcos Jr. sa eleksyong pampanguluhan noong Mayo. Ngayong nasa poder, patuloy na ginagamit ni Marcos Jr. ang makinarya ng estado para pilit na ipalunok sa mamamayan ang kanyang pagkapanalo na batbat ng garapalang pandaraya at anomalya at pagpapalaganap ng ginintuang

## Alam n'yo ba?

*Sa pag-aaral ng University of Massachusetts, isiniwalat na kumikita ang isang troll ng P30,000-P100,000 sa Pilipinas. Sa panayam sa mga troll, sinabi nilang ikinahihiya nila ang kanilang trabaho at hindi nila ito inaamin kahit sa kanilang kapamilya.*

*Sanggunian:*
*Architects of Networked Disinformation: Behind the Scenes of Troll Accounts and Fake News Production in the Philippines*

panahon sa ilalim ng kanyang amang diktador.

Kung paano naluklok si Marcos Jr. sa estado poder, sa ganito rin niya tiyak patatakbuhin ang kanyang rehimen—sa kasinungalingan at disimpormasyon. Hindi pa natatagalan ang pag-upo bilang presidente, idineklara na kaagad ni Marcos na isasama niya sa Malacañang Press Corps ang mga *b/vlogger* at *social media influencers* (na tiyak na kukunin niya sa malaking balon ng bayarang *troll army* nila ni Duterte) kagaya ni Trixie Cruz Angeles na arkitekto ng pekeng impormasyon sa kampanya ni Marcos Jr. sa pagkapangulo.

Mas agresibo at garapal ang rehimeng Marcos II sa layunin nitong palawakin at patatagin pa ang kampanyang disimpormasyon gamit ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Tiniyak nitong mapapanghawakan ang sistema ng edukasyon sa pagtatalaga sa Department of Education ng tagapagmana ni Duterte na si Sara Duterte-Carpio. Ito ang pangunahing magdadala at magtatanim ng kasinungalingan at disimpormasyon para ilihis ang mga kabataang Pilipino sa kritikal na pag-aaral at pag-unawa sa lipunan at kasaysayan ng bansa. Isinasakatuparan ng kasalukuyang rehimen ang matagal nang plano ng imperyalismong US na ibaon sa limot ang tradisyon ng magiting na pakikibaka ng mamamayang Pilipino. Unang hakbanging ipinatupad ni Duterte-Carpio ang pagtatanggal sa mga libro hinggil sa Martial Law at mga sulatin na may kinalaman sa rebolusyonaryong kilusan para gawing mangmang ang mga kabataang Pilipino.

Ang paglaban sa kampanyang disimpormasyon ng estado ay nangangailangan ng malawak at malaganap na kilusang masa. Kailangang kumilos ang mamamayan upang kontrahin ang mga kasinungalingan ng estado at ilantad ang totoong kalagayan ng lipunan. Pukawin at pakilusin ang mga kabataang estudyante bilang pangunahing bisig ng dakilang kilusang propaganda. Gamitin ang lahat ng daluyan kabilang ang *internet* upang maabot ng pambansa-demokratikong propaganda ang pinakamalawak na hanay ng mamamayan at tangkilikin ang demokratikong rebolusyong bayan. Isulong ang isang makabayan, siyentipiko at makamasang edukasyon at kultura, at iba pang daluyang pangmadla tulad ng masmidya at *internet*.

*BALITA*

# Pista ng Tulaog 2022 para sa pagtatanggol ng lupaing ninuno

Inilunsad ng mga Dumagat at Remontado ang Pista ng Tulaog sa General Nakar, Quezon noong Agosto 2-4. Panawagan ng mga katutubo, "Lupaing ninuno, depensahan!"



Sinuportahan ng mga progresibong organisasyon sa Timog Katagalugan ang naturang pista. Lumahok ang Bagong Alyansang Makabayan-Timog Katagalugan, Gabriela Timog Katagalugan, Anakbayan Timog Katagalugan at iba pa.

Pinatampok sa pagdiriwang ang tradisyon at kultura ng mga Dumagat at Remontado. Nagpaligsahan ang mga katutubo sa pagluluto, pagsasayaw, pag-awit at palarong katutubo. Naglunsad din sila ng mga palihan sa hanay ng mga kabataang katutubo upang mapayabong ang kanilang kultura.

Habang nagtitipon, nagsagawa ng konsultasyon ang mga lider ng mga komunidad para sa pagtatanggol ng kanilang lupaing ninuno. Tinalakay nila ang pinsalang idudulot ng Kaliwa-Kanan Laiban dam at iba pang mapanirang proyekto ng reaksyunaryong gubyerno. Nagkaisa silang pahigpitin ang kanilang hanay upang depensahan ang lupaing ninuno.





# Ang malalim na sugat na iniwan ng Martial Law sa TK

Patuloy na binibigyang katwiran ni Ferdinand Marcos Jr. ang mga kalupitan at kahirapang inihasik ng kanyang amang diktador nang ipataw nito ang Batas Militar sa buong bansa noong Setyembre 21, 1972. Subalit kahit limampung taon na ang nakalipas, hindi mabubura sa alaala ng mamamayan sa Timog Katagalugan ang krimen ng mga Marcos at ang karahasang sinapit sa ilalim ng pasistang diktadurang US-Marcos I.




**Isang malagim na alaala**

Wala pang 10 taon si Filom* noong nasaksihan niyang pagbubugbugin ng mga elemento ng Philippine Constabulary (PC) ang kanyang lolo sa kanilang bukid sa Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro. Ang dahilan — may dalang mahabang itak ang kanyang lolo.

"Sobra talaga ang higpit noon na kahit nga papuntang bayan, bawal magdala ng itak, binabali," paliwanag ni Filom. "E hindi mo pwedeng ihiwalay ang itak sa aming mga Mangyan!"

Bukod pa rito, naranasan din nina Filom na pigilan ng mga PC na pumunta sa kanilang mga kaingin sa hinalang makikipagkita ang mga katutubo sa Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Sa parehong baryo, may mga tinortyur at labis na pinahirapang mga Mangyan-Hanunuo dahil pinaratangan silang nakikipag-ugnayan sa BHB. Dalawa sa mga naging biktima ay sina Aloy* at Nomes*, kabilang sa Amà o matatanda at namumuno sa kanilang tribo. Ibinahagi nila na hindi lamang panggigipit ang naranasan ng mga Mangyan sa kamay ng mga PC, kundi pati pambabastos at pagyurak sa kanilang kultura at paniniwala. Ginagalugad ng mga nag-ooperasyong militar ang mga bundok at nilalapastangan ang mga sagrado nilang lupain. Binungkal ng PC ang libingan ng mga katutubo at ikinalat ang mga buto ng kanilang mga ninuno dahil sa "paghahanap diumano ng mga itinagong baril ng BHB."

Samantala, sa hangganang Timog Quezon at Bicol, ipinakat ang pitong batalyon ng Philippine Army, dalawang batalyon ng PC at isang Marine Battalion Landing Team. May *helicopter support* ang bawat batalyon at katuwang nila ang Philippine Army Light Armory sa mga operasyong paghanap at paglipol. Isinalaysaay ni Homer*, isang magsasakang personal na nakasaksi, na kinontrol ng mga PC ang kahit ang pagbili ng pagkain at inoobliga silang pumirma sa *logbook* sa tuwing pupunta ng bukid.

Samantala ang mga lugar na may pinaghihinalaang yunit ng BHB ay inooperasyon nang may laking brigadang pwersa militar na sinasabayan ng *strafing* at *rocket bombardment* ng mga *helicopter gunships*. Noong Abril 1974, isang buwang namalagi ang 800-900 tropang militar sa Brgy. San Antonio, Kalayaan, Laguna at mga karatig nito.

**Hindi sapat ang indemnipikasyon**

Nakatanggap si Tatay Andy* ng P75,000 indemnipikasyon batay sa paborableng desisyon ng Hawaii Court laban sa mga Marcos bilang isa sa mga biktima ng kalupitan ng Batas Militar subalit hindi nito kailanman napawi ang mapait niyang karanasan. Sa kanilang sityo pa lamang sa Brgy. Quipot, San Juan, Batangas, apat lamang ang ginawaran ng indemnipikasyon samantalang nilasap ng buong baryo ang hagupit at bangis ng Batas Militar.

Pinaratangan si Tatay Andy noong dekada '80 na diumano ay may kaugnayan sa BHB. Kwento niya, dinukot siya sa kanyang bahay at tinortyur ng mga berdugo sa kampo sa Brgy. Castillo, San Juan. Inihiga siya at nilagyan ng bimpo sa mukha. Binuhusan siya ng tubig na may sabon na pumasok sa kanyang ilong at bibig.

Dumanas rin ang mga taga barangay Quipot ng ilang beses na pagpapatawag sa kampo upang imbestigahan ng mga PC. May kasamang tortyur ang mga ginagawang imbestigasyon kung saan pinalalakad sila nang nakaluhod sa batuhan paikot sa labas ng kampo habang ang iba ay ibinabaon hanggang leeg. Nagpakana rin ng iba't ibang kahayupan ang PC para buwagin ang pagkakaisa ng mga residente at mga pamilya sa pamamagitan ng paghahanay ng mag-aama at pinagbubuno sa isa't isa. Ibinibitin ang mga ama at ipinapasuntok sa anak na parang *punching bag*. Kapag hindi sumunod ang anak, siya ang susuntukin ng PC.

Higit na masakit para sa mga taga-Quipot na matapos ang Martial Law ay na*promote* pa ang mga kapural ng mga karahasan at pagpapahirap sa kanila.

Ilan lamang ito sa mga kalupitang dinanas ng mamamayan ng Timog Katagalugan sa panahon ng Martial Law. Sa datos ng Amnesty International, mula 1972-

1981, tinatayang 70,000 ang ipiniit, 34,000 ang pinahirapan at 3,240 ang pinatay.

Ayon kay Filom, “Nakagagalit at nakakapagngitngit na isa na namang Marcos ang nakaupong pangulo ng bansa lalo’t walang pagsisisi at pagkilala ang pamilyang ito ng diktador sa mga krimen ng kanilang angkan lalo sa panahon ng Batas Militar.”

Sa sinulat ng istoryador na si Alfred McCoy, “Dark Legacy: Human rights under the Marcos regime” kanyang isiniwalat ang pag-iral ng “*elite torture units*” sa panahon ng Batas Militar kung saan ang mga upisyal nito ang “sumasagisag ng di nakikitang teror.”

Ang pinakanotoryus sa mga ito ay ang 5th Constabulary Security Unit (CSU) at ang Metrocom Intelligence and Security Group (MISG).

Sina Lt. Rodolfo Aguinaldo, Lt. Col. Billy Bibit at Lt. Col. Rodolfo Tor ang pinakamalupit na mga *torturer* ng 5th CSU. Samantala, ang kumander ng MISG na si Col. Rolando Abadilla kasama sina Roberto Ortega at Panfilo Lacson ang magbabarkadang nangtortyur sa loob ng mahigit isang dekada.

Nagpapatuloy ang pakikibaka ng buong bayan para singilin at papanagutin ang pamilya Marcos at mga alipures nila sa kanilang mga krimen sa bayan. Malaking hamon ito sa ilalim ng isang Marcos sa Malakanyang at sa gitna ng pagpapakana ng mga itong sistematikong rebisahin at baluktutin ang kasaysayan at itanghal ang malagim na yugto ng kasaysayan bilang siyang pinakamaningning na naganap sa bayang Pilipinas.

Paalala ni Tatay Andy, “Dapat patuloy na ibahagi ang karanasan kung gaano nagdusa ang mamamayan sa panahon ng Martial Law, lalo sa mga bagong henerasyon ng kabataan. Magsilbing paalala at hamon ang aming mga karanasan para hindi na payagang maulit ang lagim ng Martial Law.” K

**lahat ng pangalan ay binago para sa kanilang kaligtasan*

*Ikasampu sa serye ng mga artikulo hinggil sa Martial Law sa ilalim ng diktadurang US-Marcos*

*BALITA*

# Pagsasanay militar ng US at Pilipinas sa Palawan, kinundena

Kinundena ng mamamayang Palaweño ang inilunsad na pagsasanay militar sa pagitan ng tropang US at AFP sa ilalim ng Balance Piston 22-3 Exercise na nagsimula sa Honda Bay, Puerto Princesa City at sa Punta Baja, Rizal sa Palawan noong Agosto 16. Tinatayang tatagal ang pagsasanay militar hanggang Setyembre 16 at sasaklawin ang iba pang probinsya at isla kagaya ng Mindoro.

Ang Balance Piston Exercise ay regular na *bilateral* na pagsasanay militar ng mga *elite* na yunit ng AFP at US Armed Forces (USAF) sa balangkas ng Visiting Forces Agreement (VFA). Layon umano ng pagsasanay na paunlarin ang *interoperability* o suportahan ng dalawang pwersa ng AFP at USAF. Ito ang pinakahuling pinagsanib na pagsasanay militar na inilunsad ng AFP at USAF sa Palawan ngayong taon mula sa Marine Exercise (MAREX) 2022 noong Pebrero, Marine Aviation Support Activity (MASA) 22.1 noong Hunyo at ang Pacific Partnership 2022 nitong unang hati ng Agosto.

Nagpahayag ng takot at pagkabahala ang mga Palaweño sa perwisyong idinulot ng mga pagsasanay. Noong pagsasanay na MAREX 2022, inireklamo nila ang paulit-ulit na pagpapalipad ng mga helikopter at iba pang mga sasakyang panghimpapawid na animo’y may gerang nagaganap sa isla.

Kinasabwat ng imperyalista ang Western Command ng AFP at lokal na gubyerno ng Palawan upang mailusot ang pagsasanay. Binuhusan ng gubyerno ng US ang probinsya ng mapanlinlang na mga proyekto. Aabot sa P1.6 milyon ($30,000) ang halaga ng mga *tents* at *medical supplies* na ibinigay ng United States Embassy Civil Affairs Team (CAT) bilang “donasyon” noong Agosto 12. Mula Agosto 3-20 naman, nagsanib-pwersa ang AFP, US Navy, the Royal Navy of the United Kingdom at Australian Defence Force sa paglulunsad ng serbisyong medikal sa pakulo nilang “*floating hospital*” (lumulutang na ospital) sa anyo ng USNS Mercy (T-AH 19) sa Puerto Princesa City.

Ayon kay Andrei Bon Guerrero, tagapagsalita ng Bienvenido Vallever Command (BVC)-BHB Palawan, “Itinatago ng US ang panghihimasok-militar sa bansa sa tabing ng mga pagsasanay militar sa ilalim ng kasunduan sa VFA sa pagitan ng US at Pilipinas. Isinasagawa ito kasabay ng sustenidong *focused military operations* at *retooled community support program* para sugpuin ang pakikibaka ng mga Palaweño at durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa isla.”

Nanawagan ang BVC-BHB Palawan na tutulan ang mga pinagsanib na pagsasanay militar at huwag pahintulutan na gawing battle ground ng imperyalismong US ang isla sa mga *proxy war* nito laban sa karibal na imperyalistang China. K

# Dalawang magsasaka sa Batangas, dinukot

Dinukot ng pinaghihinalaang mga tauhan ng Selective Security Agency si Ronel Reduka at isa pang magsasaka sa Brgy. Bulihan, Nasugbu, lupaing saklaw ng Hacienda Looc gabi ng Agosto 8.



Ayon sa mga saksi, nagpanggap ang mga armadong lalaki na bibili sa tindahan ni Reduka subalit makalipas ang ilang minuto ay nawala na ang mga biktima. Mga nakita ring mga bakas ng dugo ang mga kaanak ni Reduka sa likod ng kanilang bahay.

Si Reduka ay kasapi ng Ugnayan ng Magsasaka Laban sa Pangwawasak ng Kalikasan at Kalupaan sa Hacienda Looc (UMALPAS-KA), isang samahang aktibong lumalaban sa pangangamkam ng lupa ng pamilyang Sy sa lugar. Hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa inililitaw sina Reduka at patuloy sa paghahanap ng hustisya ang kanilang pamilya.

Ang Selective Security Agency ay nagsisilbing *private army* ng mga ari-arian ng pamilyang Sy sa Nasugbu na notoryus sa pandarahas sa mga magsasaka. K

KULTURA

# Mamamayan ng Giho, 'di pagugupo

*ni Ka Al Jomer*

Pinokusan ng kampanyang supresyon sa Timog Katagalugan ang Giho, isang komunidad ng mga katutubong Mangyan sa Mindoro noong kasagsagan ng pananalasa ng JCP-Kapanatagan ng rehimeng US-Duterte. Sa kabila ng ilang taong pagdagan ng RCSPO at operasyong militar sa barangay, natutunan ng mamamayan dito na manindigan at lumaban.

### *"Ano ser, di na kami kakain?"*

Nagpatawag ng pulong ang mga sundalo sa mga Mangyan. Sabi ng mga sundalo, "Dahil pinapakain niyo naman ang BHB, mula sa 20 kaban, 5 kaban na lang ng bigas ang pwedeng papasukin dito."

Umalma ang mga katutubo. "Ano ser, di na kami kakain? Sa dami ng aming mga anak!"

Hindi nakinig ang kaaway at ipinagpatuloy ang pulong.

Nagtipon ang mga katutubo sa labas ng bahay ng kanilang sityo lider. Tumungo ang kanilang Purok (tawag sa sityo lider) sa mga karatig sityo na may parehong problema sa kaaway. Nagtipon sila at nakipag-usap sa mga sundalo. Makailang negosasyon sa pagitan ng mga sityo lider at AFP ang naganap. Dahil maraming pamayanan ang tumindig laban sa *food blockade*, hindi ito naipatupad.

### *"Mag-ihaw kayo ser!"*

Nag-operasyon ang AFP at pinilit ang mga Mangyan na dalhin ang kanilang mga gamit-militar.

"Mabigat ho ser."

Hindi sumagot ang sundalo, sa halip, inilabas ang selpon nito at kinuhanan ng litrato ang mga katutubo.

Makalipas ang ilang araw, narinig ng mga Mangyan ang boses ng isa sa mga pasistang tagapagsalita ng AFP sa lokal na istasyon ng radyo. Marami raw na sumukong BHB sa kanilang barangay. Kasunod nito, nakakita sila ng mga polyeto ng kaaway na naroon ang kanilang mga litrato na may hawak na baril at diumano'y sumukong BHB.

Tumungo ang mga masa sa kinampuhang sityo ng mga kaaway. "Buhag (Sinungaling) kayo, hindi kami suko!"

Pinagbayad din nila ang mga sundalo ng multa at pinabura ang mga larawan sa kanilang *gadget*.

"Mag-ihaw kayo ser!" Dagdag ng kanilang sityo lider.

Napilitan ang mga sundalo na mag-ihaw bilang parusa sa panloloko sa mga katutubo.

*(Ang pag-iihaw ay pinakamataas na parusa sa kultura ng mga katutubong Mangyan. Pinagkakaisa sa pulong ng mga gurangon ang klase at laki ng karne na iihawin depende sa bigat ng kasalanan.*

*Mag-iihaw ang mga maysala sa harap ng grupo bilang paraan ng paghingi ng tawad.)*

***"Nasaan ang aming mga asawa?"***

Nawawala sina Lyndon at Ernie. Nagtipon-tipon ang mga katutubo sa kampo-militar sa isang sityo para hanapin ang kanilang mga kababaryo.

"Hindi namin kilala yang mga hinahanap ninyo!" Sagot ng kaaway.

"Ser, ilabas niyo ang aming mga asawa. Hindi kami aalis hangga't di niyo ibigay sa amin!"

Sa loob ng kampo…

"NPA ka, ano?" Pag-iimbestiga ng kaaway kay Lyndon.

"Hindi po." Suntok ang tugon sa kanya ng sundalo.

"Nagbenta lang kami ng kalakal dito," katwiran ni Ernie.

Kinulata ng baril si Ernie.

Makalipas ang tatlong araw…

"Kita 'nyo ser at narito lang ang mga asawa namin!" Galit na sigaw ng mga babay (asawang babae).

Sinalubong ng buong komunidad sina Lyndon at Ernie. Napalaya ang dalawa sa pagpupursige ng buong pamayanan at pamilya.

***"Umalis ka na ser!"***

"Pilit nilang tinatabunan ang pangyayari, pero alam ng mga tao ang totoo. Hindi malilimutan ng mga katutubo ang mapapait na karanasang dinanas nila sa ilalim ng mala-Martial Law na patakaran sa mga kampo-militar sa Giho." Ika ni Noli.

Si Noli ay taga-Sityo Talon ng Brgy. Giho. Ayon sa kanya, sa tindi ng toryur na dinanas ng kanyang kababaryo na si Justin, ay nagpakamatay ito.

"Pinipilit si Justin na paaminin na utos ng NPA ang pagbabakwit ng mga tao sa sityo. Hindi na niya kinaya ang mga pang-aabuso kaya nagpakamatay. Ang totoo, hindi na talaga kaya ng mga katutubo ang ginagawang abuso ng militar, kaya sila umaalis. Ninanakaw ang kanilang mga alagang manok, pinagsasamantalahan ang kanilang mga kababaihan, binubugbog ang kalalakihan. At kapag umimik sila ay paparatangang mga *supporter* ng BHB." Paliwanag ni Noli.

Nang mamatay si Justin, nagsama-sama ang mga opisyal sa sityo at inihabla ang kaso sa Brgy. Giho. Patuloy ang kanilang panawagan para sa hustisya. Itinambol ang kaso ni Justin sa kapwa nila katutubo sa loob at labas ng Brgy. Giho.

"Umalis na kayo ser!" Giit ng mga kaanak ni Justin. Dahil sa konsistenteng paggiit ng hustisya ng mamamayan, sinibak sa pwesto ang opisyal militar na nag-interoga kay Justin, pati ang kanang kamay nito.

***"Sa inyo pa rin kami, mga kasama!"***

Sa pusikit na dilim, tahimik na naglalakad ang BHB palapit sa isang bahay sa Brgy. Giho. Naghihintay ang mga masa sa paparating na hukbo. Mainit na ngiti at pangangamusta ang palitan ng mga kasama sa mga masa.

"Kumusta po kayo mga bapa at bayi?" Salubong ni Ka Marnie, giyang pampulitika ng yunit.

Ibinahagi ng mga masa ang kanilang karanasan sa kamay ng kaaway: matinding tortyur at interogasyon; kasunod ang pagbabalandra sa kanila bilang mga suko.

"Lalo ko ngang nakita ang pagkakaiba ng AFP sa NPA. Talagang mababangis ang mga militar. Hindi sila naglilingkod sa mamamayan. " saad ni Bapa Giron.

"Kailangan nating magpakatatag mga bapa at mga bayi. Ang inyong pagkakaisa ang tunay na lakas na bibigo sa kaaway." Paliwanag ni Ka Marnie.

Binalikan ng mga kasama at masa ang kasaysayan ng kanilang paglaban.

"Nilinis nga nila ang pangalan ko, pero ang puso ko ay sa inyo pa rin mga kasama! Kayo lang ang tunay na nagmamalasakit at tumutulong sa mahihirap." Ani Bapa Giron. K

